



Ang Pambansang Bulwagan ng Kapayapaan at Pag-alaala sa mga biktima ng Atomikong Bomba sa Hiroshima ay itinatag ng Pamahalaang Hapon noong Agosto 2002 para sa Pag-alaala at Pagluluksa sa sagradong sakripisyo ng mga biktima ng pagbomba. Ipinahihiwatig din ang pagnanais ng bansa ang tunay at pang matagalang kapayapaan. Ang bulwagan ang ipinatayo para ipaalam sa mga tao at sa buong mundo ang katotohanan ng trahedya at tiyakin na ang susunod na henerasyon ay matututo sa karanasan.



### Monumento ng Pagpapahiwatig "8:15"

Para sa pagluluksa sa mga nasawi na nagnanais ng tubig, nilagyan ng bukal ang paligid ng monumento na kung saan ipinapakita ang oras kung kelan nilaglag ang bomba; nahukay ang mga sunog na tile ng bubong noong panahon ng konstraksyon at naka display na ngayon.




**Mababang Palapag 1**

Ang Espesyal na Pagtatanghal ay palagiang ginaganap sa regular na batayan. Ang mga panauhin ay maaring mabasa ang mga personal na salaysay tungkol sa pagbomba.

## Tanawin ③Lugar ng Espesyal na Pagtatanghal





### Aparato ng Komentaryo

Ang mga panauhin ay maaring makabasa ng mga tala tungkol sa mga karanasan sa apat na iba't ibang wika sa telebisyon.

Ang mga eksibisyon ay nagpapakita ng mga personal na salaysay na may partikular na tema patungkol sa pagbomba. Makikita din sa eksibisyon ang mga alaala na may kaugnayan sa mga kuwento at mga sariling karanasan.


## Basahin ④Aklatan



Ang mga bisita ay maaring magsaliksik, magbasa, at manood ng mga personal na mga tala ng pagbomba, testimonyal na bidyo (mga 20 minuto), at ang mga bidyo ng mga materyales sa pag-iimbak sa pamamagitan ng paggamit ng touch panel.

Ang mga materyales na magagamit at ang iba pang mga personal na tala ay isinalin sa **wikang Hapon, Ingles, Intsik at Koreano**, at iba pang wika. Magiliw na ipinapagamit sa mga panauhin ang mga kagamitan na nakaimbak sa Pambansang Bulwagan ng Kapayapaan at Pag alaala sa mga biktima ng atomikong bomba ng Nagasaki.






# Pambansang Bulwagan ng Kapayapaan at Pag-alaala sa mga biktima ng Atomikong Bomba sa Hiroshima.



Ingles




Ang binombang tanawin ay makikita malapit sa gitna ng lungsod *Litrato kuha ng Hukbong Sandatahan ng Amerika noong October 1945

Manalangin/ Tanawin [Mababang Palapag 2]

## Mababang Palapag 2

**Ito ay lugar kung saan maaaring alalahanin ang mga biktima ng atomic bomba at mag-isip tungkol sa kapayapaan. Ang mga panauhin ay maaring magsaliksik at tumingin ng mga larawan ng mga nasawi at basahin ang listahan ng kanilang mga pangalan.**






**Libis papuntang Bulwagan ng Pag-alaala**
Sa pamamagitan ng pagbaba sa libis na daan salungat sa direksyon ng pag ikot ng orasan, ang mga panauhin ay nglalakbay sa nakaraan pabalik sa mga sandaling iyon.

## Manalangin ❶Bulwagan ng Pag-alaala




Ito ay isang lugar para sa tahimik na pagdadalamhati para sa mga biktima ng atomikong bomba at mag isip tungkol sa kapayapaan.
Ang binombang tanawin ay makikita malapit sa gitna na maaninag sa ibabaw ng pader na umaabot sa 140,000 na tile, bilang ng mga biktima ng atomikong bomba. Ang mga pangalan ng mga Distrito sa pook, Syudad ng Hiroshima noong panahon ng pagbomba ay makikita sa ilalim. *Bilang ng mga biktima hanggang Disyembre 1945.

## Tanawin ❷Impormasyon tungkol sa mga biktima



Ang mga larawan ng mga biktima ng atomikong bomba at ang kanilang pangalan ay ipinapakita upang maipahayag ang katotohanan na marami ang namatay dahil sa atomikong bomba.



**12 Multiple Large-Screen Display**
Ang mga larawan at mga pangalan ng mga pumanaw ay ibinibigay sa kanilang naiwan na pamilya at pinapakita ng isa isa sa mga ito.



**Aparato sa Paghanap sa mga biktima ng Pagbomba**
Ang mga panauhin ay maaari hanapin ang bawat biktima sa pamamagitan ng kanilang pangalan





**Sa pagdadalamhati sa buhay na nawala dahil sa pagbomba, nangangako kami na ihahatid ang katotohanan ng trahedyang ito sa buong Japan at buong mundo, ipapasa sa kinabukasan, matuto ng mga aral mula sa kasaysayan, at bumuo ng isang mapayapang mundo nang walang sandatang nukleyar.**

### Pampublikong pagbabasa ng mga personal na salaysay tungkol sa pagbomba. [libre]

Ang aming bulwagan ay mayroong regular na pagbabasa ng publiko (ikalawang Linggo at ikaapat na Biyernes ng buwan) sa Ingles para sa mga panauhin mula sa ibang bansa. Kung nais mo kaming magpatupad ng pampublikong pagbabasa, mangyaring lamang na makipag-ugnay ng maaga sa amin dalawang linggo bago ang nais na araw ng pagbabasa.



**Mga Katanungan / Aplikasyon**
Pambansang Bulwagan ng Kapayapaan at Pag-alaala sa mga biktima ng Atomikong Bomba sa Hiroshima
info@hiro-tsuitokinenkan.go.jp




## Libre ang pagpasok

1-6, Nakajima-cho, Naka-ku,
Hiroshima, 730-0811
(Sa Parke ng Kapayapaan at Pag-alala)

**Silangan ng Cenotaph para sa mga biktima ng atomikong bomba**
[Monumento ng Pag-alaala para sa Hiroshima, ang Siyudad ng Kapayapaan]
TEL:082-543-6271
FAX:082-543-6273

### Oras ng bukas

Marso hanggang Hulyo: 8:30 ng umaga-6:00 ng gabi
Agosto: 8:30 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi (hanggang 8:00 ng gabi ng Agosto 5 at 6)
Setyembre hanggang Nobyembre: 8:30 ng umaga-hanggang 6:00 ng gabi
Disyembre-Pebrero: 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi

### Sarado tuwing Disyembre 30 at 31

### Transportasyon

Mula istasyon ng JR tren sa Hiroshima (Timog na Lagusan) *umaabot mga 5 minutong paglakad mula pagbaba ng tren o sasakyan

Bus… Sumakay ng Hiroshima Bus (pulang bus) papuntang Yoshijima at bumaba sa Hondori (mga 20 minuto)
Trambia… Sumakay ng trambia papuntang Daungan ng Hiroshima (Ujina), dadaan sa bayan ng Kamiya at bumaba sa Hondori (mga 20 minuto)
Sumakay ng trambia papuntang Miyajima-guchi at bumaba sa harap ng Lungaw ng Genbaku ng Atomikong Bomba (mga 20 minuto)

Walang paradahan ng kotse

https://www.hiro-tsuitokinenkan.go.jp/ Hiroshima Peace Memorial Hall for the Atomic Bomb Victims | Pagsisiyasat

**Kung nais ninyong makita ang mga impormasyon tungkol sa Pagbomba, mangyari lamang bisitahin ang Museo ng Kapayapaan at Pag-alaala ng Hiroshima. 2 minuto lamang sa Timog mula sa aming bulwagan.**






Nasunog na baunan



Nasunog na uniporme sa tag-init ng babaeng estudyante



Uniporme ng estudyante na inihanda sa pagtanggol ng bansa